# County ng Santa Clara
**Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan**

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San Jose, CA 95126
408.792.3798


---

## KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NAG-UUTOS SA MGA TAGAPAGBIGAY NG PAGBABAKUNA SA COUNTY NA PATULOY NA MAGBIGAY NG IMPORMASYON SA PAGBABAKUNA SA COVID-19 SA OPISYAL NG PANGKALUSUGAN AT MAGHANDA NG MGA KOMPREHENSIBONG PLANO SA PAGBABAKUNA

**PETSA NG KAUTUSAN: Enero 7, 2021**

**Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusang ito ay isang maliit na krimen (misdemeanor) na mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Kodigong Penal ng California § § 69, 148 (a) (1); Kodigo ng Ordinansa ng County ng Santa Clara § A1-28; Ordinansa ng County NS-9.291.)**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON 101040, 101085, 120175, AT 120176, AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYON A18-28 HANGGANG A18-32, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. **Layunin at Hangarin.**

    a. Itong Kautusan ay inilabas dahil sa importansya ng programa sa pagbabakuna sa COVID-19 bilang pinakamataas na prayoridad na estratehiya sa pagpigil ng COVID-19 at pagwawakas ng pandemya; ang pangangailangan ng napapanahon at malinaw na data mula sa mga Tagapagbigay ng Pagbabakuna hinggil sa pagbabakuna; at sa pangangailangan para sa mga malalaking sistema ng healthcare sa loob ng Santa Clara County ("County") na magkaroon ng ipinapatupad na napapanahon at epektibong mga plano sa pagbabakuna upang tiyakin na ang buong populasyon ng County ay mayroong napapanahon at epektibong access sa bakuna sa COVID-19. Ang siyentipikong ebidensya ay nagpapahiwatig na ang mga naaprubahang bakuna ng U.S. Food and Drug Administration ay may potensyal na makabuluhang makapagpabawas ng panganib ng malubhang sakit o pagkamatay mula sa COVID-19, at kaya ang isang epektibong programa sa pagbabakuna ay isang kritikal na kagamitan sa pag-iwas ng mga malubhang sakit at pagkamatay mula sa COVID-19. Ang mga epektibong plano sa pagbabakuna at pagbahagi ng impormasyon sa pagbabakuna ay mas lalong mahalaga habang ang pagbabakuna sa Estados Unidos, California, at Santa Clara County ay tataas sa mga paparating na linggo.


Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Otto Lee, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

b. Itong Kautusan ay inilabas dahil sa umiiral na 77,366 na kaso ng COVID-19 sa County, kabilang ang 799 na namatay at 709 na naospital, simula Enero 6, 2021, kabilang sa nga pinakamataas na average ng pang-araw-araw na mga naiulat na kaso, mataas na bilang ng mga pinaghihinalaang kaso ng pagkalat sa komunidad, mataas na bilang ng hindi natukoy at hindi naiulat na kaso, at ang sobrang sistema ng ospital.

c. Itong Kautusan ay inilabas alinsunod sa, at nagsasama ayon sa pagsangguni, sa Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, sa Marso 12, 2020 na Executive Order (Executive Order N-25-20), Pebrero 3, 2020 na Deklarasyon na Local Health Emergency Hinggil sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan, sa Pebrero 3, 2020 na Proklamasyon na Lokal na Emergency na inilabas ng Direktor ng Serbisyong Pang-emergency ng County, sa Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Local Health Emergency, at patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, tulad ng bawat isa sa kanila na nadagdagan at maaaring madagdagan.

2. **Pagbahagi ng Impormasyon sa Bakuna**

a. Bawat Tagapagbigay ng Bakuna sa County ay dapat magsiwalat ng Impormasyon sa Bakuna sa Opisyal ng Pangkalusugan, na tinukoy at iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan, at sa panahon na iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan. Ang kinakailangan na ito ay hiwalay sa at bilang karagdagan sa anumang mga naiulat na kinakailangan mula sa Estado, gaya ng pag-uulat ng bakuna na kinakailangan sa pamamagitan ng California Immunization Registry (CAIR).

b. Batay sa naisiwalat na impormasyon, ang Opisyal ng Pangkalusugan ay maaaring humiling ng karagdagang impormasyon na kinakailangan para sa administrasyon, pamamahala, o iba pang mga layunin na nauugnay sa pagbabakuna sa COVID-19 sa Santa Clara County. Bawat Tagapagbigay ng Pagbabakuna ay dapat tumugon sa tamang oras sa anumang karagdagang kahilingan para sa impormasyon na hiningi sa kanila ng Opisyal ng Pangkalusugan o kaniyang (mga) designee.

3. **Mga Komprehensibong Plano sa Pagbabakuna.** Simula Pebrero 1, 2021, lahat ng Malalaking Sistema ng Healthcare ay dapat magbigay ng komprehensibong plano sa pagbabakuna sa Opisyal ng Pangkalusugan na naglalarawan kung paano ninanais ng Malaking Sistema ng Healthcare na sa tamang oras at epektibong babakunahan ang lahat ng mga primary care patient nito sa Santa Clara County kapag sila ay naging kwalipikado para sa pagbabakuna sa ilalim ng mga kinakailangan ng pederal at estado. Ang komprehensibong plano sa pagbabakuna ay dapat maglalaman ng lahat ng sumusunod na elemento:

a. Isang komprehensibong plano sa komunikasyon, naglalarawan kung paano mauugnay ang entidad sa lahat ng mga primary care patient nito tungkol sa

availability ng pagbabakuna sa pamamagitan ng entidad kapag sila ay naging kwalipikado, kabilang ang pagfollow-up para sa mga pangalawang dosis.

b. Isang listahan ng lahat ng kasalukuyang plinanong lokasyon ng pagbabakuna na papatakbuhin ng entidad at magbibigay ng makatwiran at epektibong access sa lahat ng mga entidad ng pasyente sa loob ng Santa Clara County.

c. Ang inaasahang bilang at iskedyul ng mga pang-araw-araw na appointment sa bakuna, at ang inaasahang panahon para matupad ang buong pagbabakuna ng mga entidad ng pasyente.

d. Ang mga mekanismo para sa pagtiyak ng pantay na pagsasaalang-alang ay wastong natutugunan at kung paano ang entidad ay maabot at mabakunahan ang mga mahirap masilbihan na mga populasyon ng pasyente.

e. Mga plano para sa pagtugon sa anumang "pagkawala" sa pagbabakuna, mga lohistikal na inaalala (kabilang ang pag-imbak), at ang pagtiyak sa pagsunod sa mga kinakailangan ng pederal at estado na nauugnay sa mga kwalipikasyon sa pagbabakuna.

4. **Mga kahulugan**. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na termino ay mayroong mga kahulugan na nasa ibaba:

   a. "Impormasyon sa Bakuna" nangangahulugan sa impormasyon na nauugnay sa pagbabakuna sa COVID-19 na hiniling ng Opisyal ng Pangkalusugan o kanyang designee. Ang naturang impormasyon ay maaaring magsama, ngunit hindi limitado sa, mga natanggap na bakuna, mga naibigay na bakuna (ayon sa petsa, uri, unang dosis/pangalawang dosis), kapasidad ng pagbabakuna, nakaimbak na bakuna, at iba pang impormasyon na nauugnay sa pagbabakuna na iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan.

   b. "Tagapagbigay ng Bakuna" ay nangangahulugan ng sinumang tao o entidad na nagbibigay ng mga pagbabakuna sa COVID-19 sa Santa Clara County.

   c. "Multi County na Entidad" nangangahulugan sa anumang entidad sa loob ng Santa Clara County na itinalaga bilang multi county na entidad para sa mga layunin ng pagbabakuna sa COVID-19 ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California.

   d. "Malaking Sistema ng Healthcare" nangangahulugan sa anumang Multi County na Entidad at anumang sistema ng healthcare na nagbibigay ng mga primary care service at mayroong, anuman ang uri ng serbisyo, mahigit sa 100,000 pasyente sa Santa Clara County.

5. Itong Kautusan ay magiging epektibo kaagad kapag ipinatupad at magpapatuloy na may bisa hangga't ito ay kanselahin, mapalitan, o mabago sa pagsusulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.

6. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) magagamit sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mailagay sa COVID-19 website ng

Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan (www.sccphd.org); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.

//

//

//

7. Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay hindi balido, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

**ITO AY INIUTOS:**

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Petsa: 1/7/2021

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

James R. Williams
Abugadong Tagapayo ng County

Petsa: 1/7/2021